


Paggawa ng pasong papel



Paggawa ng "NERIDOKO"

➔ Kailangan

- ❖ Kahoy na hulmahan (H: 6-10cm)
- ❖ Compost at lupa (1:1)
- ❖ Abono: para sa 0.1m^3
 - 50gm Ammonium sulphate
 - 350gm Calcium superphosphate
 - 25gm Potassium chloride
 - 100gm Lime



Pangangalaga ng Punla

- ❖ Diligin ng sapat at tingnan 2 beses maghapon
- ❖ Pagbabawas (para sa sapat na sikat ng araw)
 - Alisin ang takip na dyaryo o dahon. Bawasan ang dami ng punla paglitaw ng unang set ng dahon hanggang pangalawang set ng dahon.
- ❖ Paglipat tanim
 - Pagpapalabay
 - Bawasan ang pagkabasa; ibilad ng unti-unti
 - Ganap ang laki (4-8 linggo)
 - Gawin sa bandang hapon

Gabay sa Pagpili ng Pamamaraan sa Pamumunla

Paraan	Halaga	Labor	Pangangalaga	Epekto ng paglipat tanim
Kama	Mura	Mura	Ginhawa	Mataas
P a s o	Dahon	Katamtaman	Ginhawa	Di gaano
	Papel	Katamtaman	Ginhawa	Di gaano
	Plastic	Mahal	Mura	Di gaano
Neridoko	Katamtaman	Katamtaman	Ginhawa	Di gaano
Tray	Mahal	Mura	Delikado*	Mababa

* ang maliit na tray ay mas peligroso kaysa mas malalaking size ng trays

Bureau of Soils and Water Management

Elliptical Road, Diliman, Quezon City
Tel. No. 920-4382; 923-0454
Fax No. 920-4318
E-mail: bswm@pworld.net.ph

Pag-aalaga ng Punlang Gulay



Palakihin ang kita sa tamang pag-aalaga ng gulay

**Environmental and Productivity Management
of Marginal Soils in the Philippines
(EPMMA)**




A Technical Cooperation Project
between the Bureau of Soils and Water
Management and the Japan
International Cooperation Agency



Mga Pakinabang Mula sa Mainam na Punla

- ❖ Upang maitakda ang araw ng pag-aani.
- ❖ Pinsala ng kulisap, sakit, hangin, malakas na ulan o pagkatuyo ay maiiwasan.
- ❖ Ang sakahan ay magagamit sa mas malaking kapakinabangan.
- ❖ Mataas na uri at pantay na paglaki ng mga punla.
- ❖ Ang dami ng binhi ay mababawasan.
- ❖ Makatipid sa gamit ng chemical at abono.



Uri ng Binhing Gulay ayon sa Paraan ng Pagtatanim

- ❖ **Direktang Pagtatanim**
Labanos, Carrot, Sitao, Petsay, Mais
- ❖ **Karaniwang Pinupunla**
Kalabasa, Pakwan, Pipino, Letsugas, Chinese Cabbage, Kamatis
- ❖ **Papunla Lamang**
Repolyo, Cauliflower, Talong, Pukinggan

Katangian ng Mainam na Punla

Malusog

- ❖ Malusog at matibay na punla para sa paglilipat tanim.
- ❖ Malakas at malabay na puno, may sapat na bilang ng dahon at hindi katangkaran.
- ❖ Malalapad na dahon at malagong ugat.

Mainam para sa photosynthesis


- ❖ Malalapad at maberdeng dahon.
- ❖ Walang pinsala ng hangin o ulan.

Mga Dapat Isaalang-alang

Ang mga sumusunod ay nagdudulot ng mahabang punla:

- ❖ Sobrang pagkabasa
- ❖ Konting sikat ng araw
- ❖ Mataas na temperatura

Mahina at mahabang punla ay nagbibigay ng mas kaunting ani.



Paghahanda ng Punlaan

1. Gumamit ng lupang punlaan na ligtas sa sakit na dala ng mikrobyo (sterilized).
2. Haluan ng apog (lime) 1000gm ang 0.5m³ lupa at dagdagan ng 0.5m³ compost.
3. Nilusaw na:
Ammonium sulfate (500gm)
Potassium chloride (250gm) at ibudbod sa pinaghalong apog, lupa at compost. Lagyan ng Calcium superphosphate (3500gm) direkta sa pinaghalo.
4. Haluing mabuti.

Kilalang Paraan ng Pagpupunla

1. Punlaang kama (mahalaga ang pagitan ng punla)
2. Paso (plastic, lumang papel o dahon ng saging)
 - ❖ Direktang pagpunla sa paso
 - ❖ Paglipat mula sa kamang punlaan
3. Neridoko (Japanese style) mula sa bloke ng lupa
4. Trays (mahalaga ang sukat ng cell)